# FILIPINO - GRADE 2
# Pagsunod sa Panuto

I. **ALAMIN :** Magandang araw sa iyo! Kumusta ka na? Sana nasa maayos kang kalagayan. Sa araw na ito ay masusubukan natin ang kakayahan mong sumunod ng wasto sa mga panuto. Mahalagang sumunod sa panuto . Bakit kaya mahalaga sumunod sa panuto? Ano kaya ang mangyayari sa isang batang hindi marunong sumunod sa panuto? Alam mo ba? Halika, sabay sabay nating tuklasin.



**II. SUBUKIN**

Sa simula ng ating pag-aaral ngayong araw , tignan natin kung ikaw nga ay isang batang marunong sumunod sa mga panuto.

Basahin ang mga sumunusunod na pangungusap. BASAHIN MO MUNA LAHAT ang apat na pangungusap bago mo simulan ang pagsagot.

1. Bilugan mo ng pula ang salitang pula sa pangungusap na ito.
2. Lagyan mo ng ekis ang mga salita na nagsisimula sa letrang -l sa pangungusap na ito.
3. Lagyan mo ng kahon ang salitang kahon.
4. Huwag mong sundin ang mga panuto mula bilang 1 hanggang bilang 3.

Tingnan nga natin ang inyong ginawa. Nakasunod ka ba sa panuto ng simpleng gawaing ito? Kung nakasunod ka - magaling! Kung ikaw naman ay nalito at hindi nakasunod, huwag ka mag-aala. Ang leksiyon ngayong araw ay para higit mong maunawaan kung ano ang kailangang gawin para makakasunod sa mga panuto.

***Prepared by:***
***Janeraida K. Kamamang, Brenda K. Marzo, Arlene C. Craste***


II. **<u>TUKLASIN</u>**

Panuto: Basahing mabuti ang bawat panuto. Gawin ang hinihingi nito. Isulat ang sagot sa iyong notebook.



1. Gumuhit ng parisukat. Gumuhit ng puso sa loob nito. Isulat ang pangalan ng iyong paboritong tao sa loob ng puso.

2. Isulat ang pangalan ng iyong tatay sa loob ng parihaba. Isulat ang pangalan ng iyong nanay sa loob ng bilog. Gumuhit ng linya mula sa parihaba patungo sa bilog.



3. Gumuhit ng tatsulok. Sa ilalim nito, gumuhit ng parisukat o kahon. Lagyan ng dalawang guhit na patayo sa ilalim ng parisukat.

*( Kapag natapos mo na ang gawain , maari mong ipakita ito sa iyong magulang para malaman kung tama ang iyong sagot.)*

**<u>III. SURIIN</u>**

- Ang pagsunod sa panuto ay napakahalaga. Upang lubusang makasunod sa panuto, kailangang unawaing mabuti ang kahulugan ng bawat salitang ginagamit dito. Ito ay nagpapatunay ng inyong pang-unawa sa binabasa. Maraming pagkakamali at gulo ang bunga ng hindi pagsunod sa mga panuto.

  Isipin mo na lamang kung ano ang mangyayari kung hindi sususnod ang mga tao sa mga panuto sa panaon ng COVID. Hindi sila maghuhugas ng kamay, hindi magsusuot ng mask. Nakakatakot ano?

*TANDAAN NATIN:*

- Unawaing mabuti ang isinasaad ng panuto. Kung nakasulat, basahing mabuti at unawain. Kung pasalita, pakinggan mabuti ang nagbibigay ng panuto.
- Kung mayroong hindi malinaw, magalang na ipaulit ang panuto.

***Prepared by:***
***Janeraida K. Kamamang, Brenda K. Marzo, Arlene C. Craste***


**IV. PAGYAMANIN**

Halika, tignan natin ang inyong natutunan. Basahin ang mga sumusunod at gawin ang mga pa-nuto sa bawat bilang.

1. Gumuhit ng isang malaking parisukat. Sa loob nito ay isulat ang mga pangalan ng tatlong karakter sa telibisyon. Lagyan ng" star " sa gilid ang pangalan ng iyong pinaka paborito sa tatlo.

2. Isulat ang iyong buong pangalan. Bilugan ang mga patinig. Salungguhitan ang iyong apelyido.

3. Kulayan ng dilaw ang pang-apat na bilog. Kulayan ng berde ang pang-anim. Isulat ang unang titik ng iyong pangalan sa ikalima. Gumuhit ng puso sa loob ng pangatlong bilog.



**V.ISAISIP**

*Sagutan ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong notebook.*

- Bakit mahalagang sumunod sa mga panuto?
- Anu-ano ang mga panutong iyong sinusunod sa bahay at sa barangay?

**VI: ISAGAWA**

Panuto: Basahing mabuti ang bawat panuto. Gawin ang hinihingi nito.

1. Gumuhit ng parihaba. Gumuhit ng tatlong paribilog sa loob nito. Kulayan ang unang paribilog ng asul, pangalawa ng pula at pangatlo ng berde.

***Prepared by:***
***Janeraida K. Kamamang, Brenda K. Marzo, Arlene C. Craste***

2. Lagyan ang cake ng tamang bilang ng mga kandila ayon sa iyong edad. Isulat ang petsa ng iyong kaarawan sa kanan ng cake. Isulat ang pangalan ng nais mong matanggap na regalo sa kaliwa.



3. Gumuhit ng baso sa ibabaw ng mesa. Gumuhit ng bola sa ilalim ng mesa. Kulayan ito ng pula.



Binabati kita! Sana ay natuwa ka sa leksiyong. Ipagtuloy mo ang kasipagan sa pag - aaral. Tandaan, laging panatilihing malusog at malinis ang katawan.

***Prepared by:* *Janeraida K. Kamamang***
***Brenda K. Marzo***
***Arlene C. Craste***